Pebrero - Marso 2012 NOT FOR SALE

# VALENZUELA Ngayon

Taon 7 Blg 2 VALENZUELA, MAY DISIPLINA!






Ipinapakita ni Mayor WIN Gatchalian ang tropeo at medalya mula sa TOYM 2011 na kumikilala sa kanyang natatanging accomplishment sa public service.

## TOYM 2011

# 'Outstanding in Public Service' si Mayor WIN

***MATAPOS ANG MAY ISANG DEKADANG PAGLILINGKOD-BAYAN, kinilala si Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian sa taunang The Outstanding Young Men (TOYM) Awards para sa larangan ng pagbibigay serbisyo publiko.***

Tumanggap ng tropeyo at medalya si Mayor Gatchalian mula kay Pangulong Benigno Aquino III upang pormal na kilalanin ang kanyang kontribusyon sa pagtataguyod ng good governance sa bansa sa isang seremonya na ginanap sa Rizal Hall ng Malacañang Palace, Dis. 7, 2011.

Sinaksihan ang pagpaparangal kay Mayor WIN ng kanyang pamilya at ng Management Team ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela na kanyang namang katuwang sa pagpapatupad ng maayos at tapat na pamamahala.

Kahanay niya ang anim pang iba na kapwa pinarangalan din ng pangulo mula sa iba't-ibang larangan. Kabilang dito sina Calapan City Mayor Paulino Salvador Leachon (community development), Ma. Antonia Gregorio Arroyo (biotechnology), Dr. Raul Destura (medical science), Gerard Salonga (music), Mang Inasal founder Edgar Sia II at Antonio Tiu (entrepreneurship).

Kaugnay nito, hinimok ng pangulo na ipagpatuloy ang kanilang mga sinimulan at magsilbing tanglaw ng mabuting pagbabago. "Kapag ganitong binibigyan ka ng parangal… hindi naman yan nagtatapos duon, maraming mga kasunod na challenges," sagot ng punong lungsod sa isang panayam ng GMA News. "Kapag tayo ay nagtulong-tulong at nagsama-sama kaya naman natin."

Sinasabing ang TOYM ang pinakaprestihiyosong parangal para sa mga Pilipinong may edad 18 hanggang 40 na sinimulang igawad noon pang 1959 ng Philippine Jaycees (JCI). Tanging mga piling-piling indibidwal lamang na nagpapamalas ng natatanging dedikasyon sa kanilang trabaho, walang maliw na pag-abot para sa kahusayan at pagmamahal sa komunidad na kinabibilangan" ang pinagkakalooban ng pagkilala.

Ilan sa mga nakaraang TOYM honoree ay sina Sen. Benigno S. Aquino Jr. (1960, public service), Reynato Puno (1977, law), Manny Pangilinan (1983, international finance), Lea Salonga (1990, theater arts/music) at Maria Ressa (2002, international broadcast journalism).

sundan sa Pahina 3



Base sa architect's perspective ng bagong ospital, ganito ang magiging hitsura ng bagong primary hospital na may 50-bed capacity.

# P82M bagong ospital itinatayo

***MAS HIGIT PANG MARARAMDAMAN ng mga Valenzuelano ang kalingang pangkalusugan ng lungsod sa pagbubukas ng isang bago at modernong primary hospital sa Brgy. Dalandanan. Naglaan ng P82 milyon ang pamahalaang lungsod para sa proyektong Valenzuela City West Emergency Hospital and Dialysis Center na may tatlong palapag at may 50-bed capacity.***

Kasalukuyan na itong itinatayo ng Hilmarcs Construction, nanalong kontraktor, sa 4,000 square meter na lote sa tabi ng Valenzuela Astrodome. May elevation na 1.35 metro ang flooring nito kung kaya hindi ito aabutin ng tubig baha ayon sa City Engineer's Office.

Nakatakda itong magbukas sa 2nd quarter ng taong 2012 o matapos ang walong buwan na konstruksyon. Sinabi ni City Health Officer Dr. Jaime Exconde sa isinagawang groundbreaking nito na "ang pagpapatayo ng isang mas malaki at mas modernong pasilidad gaya nito ay isang matibay na simbolo ng ating pag-unlad at commitment para sa kapakanan ng mamamayan." Strategic ang lokasyon nito kaya madali itong mararating ng mga pasyente mula sa dalawang distrito ng lungsod. Libreng serbisyong medikal ang maipapaabot nito sa indigent patients samantalang sa abot kayang halaga naman ang mga serbisyo para sa non-indigent patients.

Dumalo din sa nasabing okasyon sina City Mayor Sherwin T. Gatchalian, Dept. of Health (DOH) Health Facility Development Cluster Head Dr. Rachel Rowena Reyes Garcia, mga lokal na opisyal at mga lingkod bayan mula sa sektor ng health and social welfare. Kaugnay

sundan sa Pahina 2

# Mayor WIN bagong Red Cross Governor

***NAHALAL BILANG ISA SA MGA BAGONG kasapi ng Board of Governors ng Philippine Red Cross (PRC) si Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian sa ginanap nitong 29th Biennial National Convention sa Centennial Hall ng Manila Hotel, Dis 7, 2011.***

Naganap ang pagkakahalal sa kanya sa mismong araw din kung kailan siya pinarangalan bilang isa sa "The Outstanding Young Men" ng bansa para sa public service ng taon.

Sa siyam na bagong Red Cross governor, ikatlo sa may pinakamaraming boto si Mayor WIN mula sa 17 mga kandidatong pinagpilian upang makapasok sa pinakamataas na policy-making body ng organisasyon.

Nakakuha siya ng 299 na boto mula sa 408 kabuuang boto ng mga piling delegado na nagmula pa sa 100 local chapters ng PRC sa buong bansa na pinangungunahan ni dating Sen. Richard Gordon bi-

sundan sa Pahina 2



Bahagi ang Philippine Red Cross sa emergency preparedness program ng lungsod kung saan regular ang isinasagawang mga fire drill, gaya ng fire drill na ito sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela. FILE PHOTO

### Ika-390 taon ng Valenzuela City

# Bagong Legislative Bldg, Police HQ pinasinayaan



Kasama ang ilang mga alkalde ng iba't-ibang lungsod sa bansa, lider ng ilang ahensya ng pamahalaan at mga lokal na opisyal, pinangunahan ni Mayor WIN Gatchalian ang ribbon cutting ng bagong People's Center and Legislative Building.



Abala ang mga pulis na ito sa kanilang crime scene investigation and evidence documentation training na isinagawa sa likod ng bagong Valenzuela City Police Station. Bukas ang Valenzuela City Police sa mga nais mag-apply maging pulis.

***NILATAG ANG RED CARPET AT PORMAL na pinasinayaan ng Pamahalaang Lungsod ng Valenzuela ang makabagong Legislative and People's Center Building at ang City Police Station na kapwa matatagpuan sa New City Government Complex sa Brgy. Karuhatan, sa kahabaan ng Mac Arthur Highway. Isinagawa ang pagpapasinaya noong Nob. 9, kasabay ng pagdiriwang ng ika-390 taon ng pagkakatatag ng Valenzuela City bilang isang maliit na bayan ng Polo.***

Pinangunahan ni Mayor Sherwin T. Gatchalian ang ribbon cutting ceremonies para sa dalawang imprastruktura kasama sina Vice Mayor Eric Martinez at mga konsehal, Rep. Rex Gatchalian, City Police Chief Atty. Wilben Mayor at ng City Government Management Team.

Dumalo rin sa okasyon sina Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) Chairman, Atty. Francis Tolentino, Dept. of the Interior and Local Government (DILG) Asec. Nina Frances, PNP Deputy Director General for Administration Arturo Cacdac, Jr.

Bahagi rin sa pagpapasinaya ang ilang kasamahan ni Mayor WIN sa League of Cities of the Philippines gaya nina Mayor Samuel Co ng Pagadian City (Zamboanga del Sur), Mayor Amelita Navarro ng Santiago City (Isabela), Mayor Barbara Talaga ng Lucena City (Quezon), Karen Villanueva ng Bais City (Negros Oriental) at Mayor Peter Miguel mula sa sister city ng Koronadal (South Cotabato).

Anila, maganda daw itong pagpapatuloy ng maayos na pamamalakad ng pamahalaang lungsod na siyang sanhi ng pagiging "Best in Governance among Highly Urbanized Cities" nito ayon sa report ng DILG kamakailan.

Sa pagpasok nila sa main lobby, sinalubong sila ng pagtatanghal ng Valenzuela City Violin Ensemble at photo exhibit ng luma at makabagong lungsod. Natuwa din ang iba pang mga bisita mula sa Pamilya Valenzuela at iba't-ibang sektor.

Sa kanyang talumpati sa harap ng gusaling panlehistatura na may simple ngunit klasikong arkitektura, sinabi ni Mayor Gatchalian na "ipinatayo natin ang mga gusaling ito upang mas maayos at mas malawak nating maipaabot ang serbisyo sa tao."Ang Legislative and People's Center Building ay ginugulan ng P90 milyon ng pamahalaang lokal.

Sa lawak nitong 4,299 square meters, nailipat na rito ang tanggapan ng frontline services gaya ng Health Department, Social Welfare and Development, Public Employment Services at ng Special Projects sa ground floor. Narito na rin ang tanggapan ng Vice Mayor, 14 na konsehal at Council Secretariat sa second floor. Nasa third floor naman ang bagong session hall ng Sangguniang Panlungsod. Dito na rin ang operasyon ng iba pang tanggapan gaya ng Accounting, Internal Audit, Human Resources, Planning and Development at Public Information.

Nakadikit din ang gusali mismo sa Executive Building na naunang pinasinayaan noong 2008. Hindi na rin mahihirapan ang mga nakatatanda, may kapansanan at buntis sa pag-akyat at pagbaba dahil may elevator na inilaan para lamang sa kanila.

sundan sa Pahina 4

# Wanted: Mga Pulis

***IPINANANAWAGAN NI VALENZUELA CITY POLICE CHIEF PSSupt Atty. Wilben M. Mayor sa lahat ng Valenzuelanong college graduate, edad 21 hanggang 30, na nais magsilbi sa publiko bilang mga pulis na mag-apply sa kanilang tanggapan upang makatulong na mapalakas at mapalawig pa ang buong pwersa ng kapulisan.***

Ayon sa opisyal, kailangang Filipino citizen ang aplikante, may taas na 5' 4 inches ang taas para sa lalaki at hindi bababa sa 5' 2 inches para sa babae at may timbang na hindi bababa o hihigit sa 5 kilo mula sa *standard weight* ayon sa edad.

Dagdag pa niya, kailangan ding nagtataglay ng kagandahang asal ang mga kandidato sa pagkapulis, hindi tinanggal sa tungkulin dahil sa kawalang-dangal (dishonourably discharged) sa tungkuling militar, o tinanggal na may dahilan mula sa anumang tungkuling pangmamamayan sa pamahalaan at hindi napatunayang nagkasala na nagkaroon ng pangwakas na paghuhusga dahil sa anumang pagkakasala o krimen na may kinalaman sa gawang imoral.

"Sa madaling salita," pambubuod ng hepe, "malinis ang record." Sinabi niyang ginagawa ng otoridad ang lahat ng paraan para malinis ang hanay ng kapulisan.

Aniya, ang mga interesado ay mangyari lamang tumawag sa kanilang opisina: 352-4000 local 4132 o 4122 at hanapin si SPO1 Glenda Gravino. Maari din silang tumawag sa Recruitment and Selection Division ng Philippine National Police (PNP) National Headquarters direct line: 723-0401 at mag-email sa recruitmentsectionrsddprm@yahoo.com.

Sa pinakahuling tala ng Valenzuela City Police Station, mayroon itong 389 kawani kung saan 389 dito ay mga uniformed PNP personnel. Kung tutuusin, mayroong isang pulis sa lungsod ang nangangalaga sa kada 1,600 mamamayan nito. Sinabi ni Col. Mayor na higit itong mataas sa ideal ratio na 1:500.

Gayunpaman, sinabi niyang buo ang suporta ng Pamahalaang Lungsod sa Pulis Valenzuela sa pamamagitan ng Valenzuela City Police Capability Enhancement Program.

# Bagong ospital itinatayo... mula sa Pahina 1

nito, ibinahagi din ng opisyal na pinaplanong pagtayuan ng isang mas maayos na gusali ang kinatitirikan ng kasalukuyang Valenzuela City Emergency Hospital sa Brgy. Poblacion. Kapag natapos, gagawin itong isang "mega-health center" na makakapagbigay ng basic medical, dental at laboratory services at lying-in. Ganoon din ang Mapulang Lupa Health Center na isinusulong dagdagan ang kapasidad gaya ng sa Marulas Mega-Health Center.

Kasalukuyan din ang pagaaral ng pamahalaang lokal para sa pagpapatayo ng isang karagdagang ospital sa silangang bahagi ng Valenzuela upang mapagsilbihan ang mga barangay na malayo sa sentro ng lungsod.



Nakadungaw ang mag-amang ito sa Valenzuela City Emergency Hospital sa Brgy. Poblacion na nakatakdang palitan ng isang mas maayos na pasilidad.

Saklaw ang mga proyektong ito sa ilalim ng "social governance" category ng Valenzuela City Government na kamakailan lamang ay bukod tanging binigyan ng perfect score na singko para sa buong Metro Manila ng Local Governance Performance Ma-nagement System (LGPMS) Report ng Dept. of the Interior and Local Government (DILG).

# Mayor WIN bagong Red Cross Governor... mula sa Pahina 1

lang chairman."Makakaasa kayo na tutulong ako sa abot ng aking makakaya na matugunan pa lalo ng Red Cross ang mga tungkulin nito at maipagpatuloy din ang paglawak ng pagbibigay serbisyo nito sa mas maraming tao at buhay na nailiigtas sa buong bansa," pahayag ni Mayor WIN sa isang staterment. Sa ilalim ng kanyang plataporma "Unity of chapters in order to achieve common goals," pinasalamatan niya ang PRC-Valenzuela City Chapter para sa suporta, maging sa mga delegadong nagtiwala sa kanyang kapabilidad.

**CITY OF VOLUNTEERS**

Tumatayong PRC-VC Honorary Chairman si Mayor WIN simula noong 2004 kung saan naging prayoridad ang pagpapalawig ng partisipasyon ng mga kabataan sa adhikain ng Red Cross. Partikular dito ang pagbuo ng Red Cross Youth 143 volunteers sa lahat ng barangay, paghubog ng young leaders sa pagkakaroon ng Red Cross Youth Councils sa lahat ng pribado at pampublikong paaralan sa lungsod, at pagsasanay sa may 3,580 Red Cross volunteers.

Kanya ding pinag-ukulan ng atensyon at badyet ang pagsasaayos ng chapter training center at pagbili ng mga safety services at disaster management training equipment.

**HIGHLY-DISTINGUISHED LEADERSHIP**

Matapos niyang manumpa bilang bagong halal na PRC board governor, iginawad din sa kanya ni PRC Chairman Gordon at ng PRC Board of Governors, Dis. 8, 2011, ang Doña Aurora Aragon Quezon Award para sa kanyang "highly-distinguished leadership and outstanding achievements" na naka-contribute sa kalagayan ng PRC sa ngayon.

# 7 day care binuksan; mga libro, laruan pinagkaloob

***SA PATULOY NA KAMPANYA** para sa mas matibay na Early Childhood Care and Development (ECCD) Program sa lungsod, pinasinayaan ng mga kinauukulan ang pitong bagong day care centers sa magkakahiwalay na mga barangay dito.*

Ginugulan ng may P7.7 milyon ang mga nasabing proyekto na ayon kay ECCD program manager Sonia Martin, layon nitong tugunan ang patuloy na lumalaking pangangailangan para sa maayos na day care facilities na malapit sa kabahayan ng mga paslit na mag-aaral.

Ang mga istruktura ay matatagpuan sa Tangke Kanan, Brgy. Malinta; Balubaran II, Brgy. Malinta; Northville II-B, Brgy. Punturin; Bagbaguin II sa Brgy. Bagbaguin; Annville Subdivision, Sto. Rosario sa Brgy. Maysan; Dimetria St., Purok 4 II sa Brgy. Mapulang Lupa at sa Arkong Bato Day Care Center, Brgy. Arkong Bato. Sumatutal, mayroon nang 72 day care centers sa lungsod na nagbibigay libreng edukasyon sa may 8,000 batang Valenzuelano.

Mayroong apat na shift ang bawat day care center na may laking 30 estudyanteng edad 2 hanggang 4 sa pangangalaga ng City Social Welfare and Development.

Sa kasalukuyan, mayroong tatlong iba pang day care center ang tinatapos para magamit ng kanilang pamayanan. Ito ay ang Sitio Kabatuhan Day Care Center sa Brgy. Gen T. de Leon; Phase 5 Day Care Center sa Brgy. Punturin at Morning Ville Day Care Center sa Brgy. Canumay na may badyet na P1.8 milyon bawat isa.



*Tila isang quality check ang isinasagawa ng mga paslit na ito sa mga bagong aklat at laruang ipinagkaloob sa kanilang day care center ng Rotary Club of Valenzuel West at Rotary Club of Kerville,Texas, USA.*

**PAMBATANG HANDOG**

Kaugnay pa nito, hinandugan naman ng Rotary Club of Valenzuela West at Rotary Club of Kerrville, Texas, USA ng mga aklat at laruan ang ECCD Program ng lungsod nitong Enero 17 sa Social Hall ng City Government Complex.

Tinanggap nina CSWDO head Dorothy Evangelista at ECCD focal person Edwina Fernando ang mga regalo na sinimulang likumin ng dalawang grupo ng nagdaang taon. Ayon kay Evangelista, malaking tulong ang mga nasabing kagamitan upang makatulong sa pagdevelop ng pag-iisip ng mga kabataang Valenzuelano.

Dumalo sa paghahandog ang pangulo ng Rotary Club of Valenzuela West, Philip Sabino, at kinatawan ng Rotary sa Amerika na si Jeff Wendling. Saksi din sa turnover ang mga estudyante sa day care, mga guro, mga Parents and Teachers Association (PTA), at officers ng Daycare Welfare Association (DCWA).



*TOYM 2011 Awardees (kaliwa-kanan) kasama si Pang. Benigno Aquino III: Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian (public service), Calapan City Mayor Paulino Salvador (community development), Ma. Antonia Gregorio Arroyo (biotechnology), Dr. Raul Destura (medical science), ), Mang Inasal founder Edgar Sia II (entrepreneurship), Antonio Tiu (entrepreneurship), at Gerard Salonga (music).*

# Outstanding in Public Service si Mayor WIN... *mula sa Pahina 1*

**ACCOMPLISHMENTS**

Unang nagsilbing kinatawan ng Unang Distrito ng Valenzuela City si Mayor WIN para sa 12th Congress noong 2001. Matapos nito ay nahalal siya bilang alkalde ng lungsod noong 2004 at kasalukuyang nasa ikatlong termino.

Kamakailan lamang, kinilala ng Dept. of the Interior and Local Government (DILG) ang Valenzuela City bilang "Best Governed Highly Urbanized City" sa buong bansa sa ilalim ng kanyang pamumuno. Hinirang din ng The World Bank at ng International Finance Corporation ang lungsod bilang isa sa mga "Most Business-Friendly Cities" sa Pilipinas, dahilan upang lumago ang kita nito sa may P2 bilyon.

Samantala, numero uno din sa National Capital Region ang mga elementary students sa National Achievement Test (NAT) para sa taong 2009-2011 and 2010-2011, kasabay ng mga plataporma ng ipinatutupad ng WIN Ang Edukasyon Program.

Sa kabilang dako, naging mabilis din ang aksyon ni Mayor WIN matapos mag-iwan ng malaking pinsala ang bagyong *Ondoy* dito. Sa tulong ng pribadong sektor at mga negosyo, naitayo ang Disiplina Village para sa mga nawalan ng tahanan, partikular ang mga *informal settler* sa mga *danger zone*. Masigasig na isinusulong din ng pamahalaang lokal ang *in-city relocation* para sa mga apektadong *informal settlers* ng NorthRail Project.

Dagdag pa rito, kasalukuyang Vice President para sa NCR ng League of Cities of the Philippines (LCP) at Chairman ng Sectoral Committee on Infrastructure Development ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ang Punong Lungsod.

**NOMINASYON**

Dahil sa track record nito at nararamdamang pag-unlad sa lungsod, partikular sa ginagawang pagtutok nito sa pabahay at edukasyon, kumbinsido sina DILG Sec. Jesse Robredo, Synergeia Foundation Board of Trustee Prof. Solita Monsod at Chief Executive Officer Dr. Milwida Guevara, at maging si Gawad Kalinga Chairman and Founder Antonio Meloto para i-nominate si Gatchalian para sa TOYM 2011.

Tumayong National Chairman para sa TOYM 2011 si Jose Antonio Gaston, samantalang umupong Chair ng Board of Judges si Supreme Court Justice Maria Lourdes P.A. Sereno.

## Samu't sari

### Red Cross, pandayan ng mga lider kabataan

***PINAYUHAN NI VALENZUELA CITY MAYOR SHERWIN T. GATCHALIAN** na maging armas ng mabuting pagbabago sa lipunan ang mga lider kabataang dumalo sa Philippine Red Cross 17th National Youth Congress fellowship night, Okt. 22, 2011 na ginanap sa Central Mindanao University, Maramag, Bukidnon.*

Ani Mayor WIN, mainam na ilaan ang kanilang oras gamit ang kanilang ideyalismo para maglingkod sa kanilang kapwa dahil ito ay magbibigay sa kanila ng mahahalagang aral sa buhay at mahasa pa ang kanilang potensyal sa pamumuno.

Kasama din niya si Quirino Provincial Governor at Red Cross Board of Governors member Dakila Carlo Cua. Dumalo din sa nabanggit na pagtitipon ang mga lider kabataan mula sa Valenzuela City na hinirang bilang Philippine Red Cross Chapter of the Year noong 2010.

### Bilang ng mga naputukan bumaba

***NAITALA NA MAS BUMABA** ang bilang ng mga naputukan sa Lungsod ng Valenzuela ng 11% nitong pagsalubong sa taong 2012, kumpara noong nakaraang taong selebrasyon.*

Ayon sa Valenzuela City Health Department, simula Dis. 21, 2011-Enero 1, 2012 ay nakapagtala ang mga pagamutan ng lungsod ng kabuuang 50 katao na nasugatan dahil sa paputok kumpara sa kabuuang bilang na 60 noong nakaraang taon.

Karamihan sa mga sugatan ay kalalakihan na may 41 kaso o 82% sa kabuuang bilang kumpara sa kababaihan na may 9 na kaso lamang. Siyam na kaso o 18% dito ay lango sa alkohol.

*sundan sa Pahina 4*

### Valenzuela SK Fed... *mula sa Pahina 6*

3 buwan sa 14 na barangay.

Naging matagumpay din ang ginanap nating 1st Councilor Cris Summer Youth Games 2011 kung saan ay nagkaroon ng mga palaro sa basketball, volleyball, billiard, badminton at table tennis na pinaglabanan ng bawat barangay.

Nagkaroon din po tayo ng programang kontra droga sa ginanap na Buwan ng Kabataan kung saan ay nagkaroon ng seminar na may temang "Kabataang Valenzuelano ay Progresibo, kung Droga ay Lalabanan Mo" habang naging katuwang din natin ang STI para makapagturo ng paggamit ng computer sa mga mag-aaral ng tatlong paaralan dito sa lungsod gamit ang STI Mobile Bus.

Naging makabuluhan din po ang ating ginanap na inter-barangay dance contest sa Valenzuela Astrodome noong Okt. 22 samantalang inisponsoran din po natin ang SK Council Symposium na may temang "Tuwid na Landas at ang Katapusan ng Wang-Wang, Daan ng Kabataan sa Kaunlaran" noong Okt. 27. Isang Fun Day naman ang ating idinaos noong Okt. 30 sa Dalandanan Community Complex na dinaluhan ng ating mga kasamahan sa SK ng lungsod, mga out-of-school youth at ibat-ibang student council.

Hindi rin po tayo nagpapaiwan sa ating trabaho bilang konsehal ng lungsod dahil tatlong ordinansa na rin po ang aking inihain sa Sangguniang Panlungsod kabilang na dito ang pagbabawal sa paggamit ng cellphone o wireless landline phone habang nagmamaneho, pagbabawal sa pag-aangkas o pagba-back ride ng mga menor de edad sa motorsiklo, at pagbabawal sa paggamit ng mga non-biodegradable plastic bag sa mga tindahan at establisimento tuwing Lunes, Miyerkules at Biyernes.

Bukod dito ay sumuporta din tayo sa panukalang SK Reform Bill kung saan ay nagbigay po tayo ng talumpati sa ginanap na Sangguniang Kabataan National Congress 2011 sa Waterfront Hotel, Lahug City, Cebu na dinaluhan ng kapwa ko SK officials, mga opisyal ng gobyerno at ni Mayor Sherwin T. Gatchalian.

# Bagong legislative...

mula sa Pahina 2

**MAALIWALAS, KAAYA-AYA**

Malugod naman ang pagtanggap ng mga tao sa pagbabagong ito. Ayon kay Josefina Retardo, 46, ng Brgy. Karuhatan at kliyente ng Social Welfare and Development, mas maaliwalas at kaaya-aya ang pakiramdam daw nya tuwing bibisita sa bagong gusali. Malaki raw ang layo nito sa dating opisina ng ahensya na bukod daw sa "miinit sa waiting area, siksikan pa sa loob."

Ganito rin ang sentimyento ng mga empleyado. Ayon kay Ken Sabangan, kawani ng Crisis Intervention, mas episyente na nilang nagagawa ang kanilang tungkulin. Kung 100 ang kanilang kliyente sa lumang opisina, ngayon daw ay pumapalo na sa 200. Mas naiiwasan na rin daw ang pagsasabay ng init ng ulo habang nireresolba naman ng katrabahong si John Beltran ang ilang kasong inilapit sa kanila.

**DIGNIDAD, KALIDAD**

Sa kabilang banda, hindi na rin kailangang magtiis ng lokal na kapulisan dahil sa pagkakatapos ng kanilang bagong tahanan. Itinayo ng pamahalaang lokal ang gusa-ling Valenzuela City Police Station sa halagang P36.6 milyon sa bungad mismo ng City Government Complex.

Sa espasyong 1,458 square meters, triple ang laki nito sa lumang headquarters ng kapulisan sa Maysan Road na itinayo pa noong 1982. Gaya ng lahat ng tanggapan sa City Hall, saad ng Police Chief na malaking tulong ang disenyo ng gusali. "Maaliwalas, may glass wall, sapat na pasilidad at planado ang bawat espasyo para sa maayos na paninilbihan sa tao," sabi niya.

Bahagi ito ng proyekto sa Valenzuela City Police Capability Enhancement Program ng pamahalaang lokal upang itaas ang moral ng kapulisan at mapalakas pa ang kanilang kapasidad na rumesponde sa pagpapatupad ng batas at pagpapanatili ng kaayusan sa lungsod.





*1– Unang sesyon ng Sangguniang Panlungsod sa bago nitong Session Hall sa 2nd floor ng Legislative Building noong Set. 2011.*

*2– Sa isang mas maaliwalas at kumportableng tanggapan na pinagsisilbihan ng mga kawani ang mga kliyente ng frontline services gaya ng City Social Welfare and Development Office (CSWDO, sa larawan) at Public Employment Service Office (PESO) para sa mas maayos na pagbibigay serbisyo.*

*Ang katatapos na People's Center and Legislative Building na nakadikit sa Executive Building ng City Hall.*





# Masaya, maliwanag, makabuluhan

***BAKAS SA MUKHA ng mga out-of-school youth ang kasiyahan nang inalay sa kanila ng Pamahalaang Lungsod ang tradisyunal na pag-iilaw ng Tree of Hope sa harap ng City Hall sa tuwing sasapit ang Kapaskuhan. Kasing kulay ng fireworks display at puno ng pag-asa ang kanilang mga pangarap sa tuloy-tuloy na pagpapatupad ng mga programa para sa kanila.***


Ganyan din ang nadama ng mga nakatatanda mula sa 32 barangays nang sila ang mapili para sa taunang Pamaskong Handog. "Gusto kong makasalo nyo po kami sa inyong noche buena kahit man lang sa pamamagitan nitong munting naihandog namin sa inyong pagsasalo-salo", pahayag ni Mayor WIN.

Tuwang-tuwang namang nag-pasko at sinalubong ang bagong taon na may liwanag sa kanilang buhay ang 141 pamilyang naunang makalipat sa kanilang bagong tahanan sa Disiplina Village, ang proyektong pabahay ng Pamahalaang Lungsod para sa mga biktima ng Bagyong Ondoy na nasa Brgy. Ugong. Mayroon na kasing lehitimong serbisyo ng kuryente sa bawat bahay dito sa pamamagitan ng Meralco Community Electrification Program (MCEP). At ilang linggo na rin mula ngayon, nakatakda na rin maserbisyuhan ng Maynilad ang kanilang komunidad.



*Buong giliw ang estudyanteng ito sa production number ng kanilang eskwelahan noong Tree of Hope lighting ceremony.*

# Ordinansa sa pag... 2 bagong barangay...



Republic of the Philippi...
CITY OF VALENZUEL...
Metropolitan Manila

SANGGUNIANG PANLUN...

ORDINANCE NO. 3...
Series of 2011

AN ORDINANCE DIVIDING BARANGAY CAN... TWO (2) NEW BARANGAYS TO BE KNO... CANUMAY WEST AND BARANGAY CANUMA... ALL LEGAL AND EXISTING RULES AND REG...

Councilor RAMON L. ENCARNA...
CO-AUTHORS:

**WHEREAS**, Barangay Canumay, Valenzuela City, ... I, based on records of the office of City Planning and De... area of 332.361 hectares or 3,323,610 square meters, w... twenty eight thousand one hundred ninety two (28,192)... population survey of the National Statistic Office (NSO).

**WHEREAS**, the advent of industrialization and the... infrastructure facilities, new and modern highways were... commercial linkages. One such facility is the North Luzon...

**WHEREAS**, the NLEX traverses through Barangay... contiguous nature of the land area of said barangay. By th... necessary to build two barangay halls, a duplicate day... accommodate the children of the displaced portion of the b... separate health centers. Both territories likewise have he... facilities.

**WHEREAS**, this physical separation necessitates th... into Canumay East and Canumay West to make governa... constituency concerns and the delivery of public services c... peculiar needs of the community and more importantly m... and independent from each other with its own sources of re...

# Bilang ng mga naputukan ...

mula sa Pahina 3

Walang naiulat na nalason sa paputok, namatay, o tinamaan ng ligaw na bala sa taong ito. Pawang mga nasugatan lamang sa pagpapaputok na karamihan ay nangyari sa mga kalsada.

Maigting ang naging kampanya ng Pamahalaang Lungsod upang maging mas maingat ang mga Valenzuelano sa pagsalubong sa Bagong Taon. Nagpakalat ng mga mensahe ng pagpapa-alala sa mga komunidad sa pamamagitan ng Valenzuela Rescue Unit, Disaster Risk Reduction and Management Office, Bureau of Fire Protection Valenzuela, at Facebook at Twitter accounts ng lungsod upang maging mas ligtas ang pagsalubong sa 2012.

Dahil sa magandang resultang pagbaba ng bilang ng naputukan ngayong taon sa lungsod, isang *concerned citizen* ang nagmungkahi sa pamamagitan ng *Valenzuela City Facebook Fan Page* na magkaroon na lamang ng *street party* sa bawat barangay tuwing sasapit ang pagsalubong sa Bagong Taon upang mas lalo pang mapaigting ang pag-iwas sa mga aksidenteng dulot ng mga paputok.

"Mas magiging masaya na ang lahat, mas ligtas pa tayo sa mga disgrasyang dulot ng mga paputok. Kaya't mabigyan sana ng pondo ang bawat barangay para sa taunang street party. Mas magandang mapagtuunan ito ng pansin upang mas maging ligtas ang mamamayan ng lungsod sa pagsalubong ng Bagong Taon", pahayag ng isang nagngangalang Ramon.








Ang Old Hinaplon Bridge sa Iligan City na nawasak sa pagragasa ng baha noong Dis. 17, 2011 dala ng bagyong Sendong.


# Operation Damayan







gbuo ng
sa lungsod






A - Si Mayor WIN sa evacuation site para sa mga nasalanta ng lindol sa Guihulngan National High School sa bayan ng Guihulngan, Negros Oriental, Feb. 19, 2012.

B – Nag-abot ng isang Certificate of Appreciation si Mayor Atty. Santiago Sameon V (2nd sa kanan) ng bayan ng Taysan sa Negros Oriental kay Mayor WIN Gatchalian matapos na iabot ang tulong nito sa kanilang rehabilitation efforts. Kasama sina (kanan-kaliwa) Konsehala Lai Nolasco at Lorie Borja, Bais City Mayor Karen Villanueva at CSWD Officer Dorothy Evangelista.

C – Ibinabahagi ni Iligan City Mayor Lawrence Cruz (kanan) sa mga bumisitang Philippine Red Cross at Valenzuela City officials ang mga pangyayari sa kasagsagan ng bagyong Sendong at mga aksyong isinasagawa ng lungsod para tugunan ang sitwasyon.

D – Nakangiting pauwi ang lalaking ito dala ang relief goods sa Guihulngan, Negros Oriental na isa sa mga malubhang napinsala ng lindol.

***PERSONAL NA KINAMUSTA ni Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian ang mga biktima ng iba't-ibang kalimidad gaya ng bagyong Sendong sa Hilagang Mindanao at ilang bahagi ng Negros Oriental na tinamaan din ng malakas na paglindol kamakailan. Ito ay upang ipaabot din ang ambag na tulong ng Pamahalaang Lungsod sa kanila.***

Kasama din niya ang ilang miyembro ng Sanguniang Panlungsod na siyang nag-apruba ng alokasyon ng tulong mula sa Local Disaster Risk Reduction and Management Fund (LDRRMF).

Base sa City Social Welfare and Development Office (CSWDO) at Special Project Office head ni si Dorothy Evangelista, natulungan ang mga lugar sa Negros Oriental na tinamaan ng magnitude 6.9 na lindol noong Peb. 6 gaya ng Guihulngan City at mga munisipalidad ng La Libertad, Tayasan, Ayungon at Jimalalud ng may kabuuang P1.1 milyon.

Tumanggap din ng may kabuuang P1.350 milyon ang mga tinamaan ng bagyong Sendong noong Disyembre 2011 gaya ng Dumaguete City, Tanjay City, at mga bayan ng Amlan, Pamplona, San Jose, Sibulan at Valencia.

Samantala, may kabuuang P2 milyon naman ang inilaan para damayan ang mga lubhang naapektuhan sa mga lungsod ng Cagayan de Oro at Iligan.

Ayon sa mga kinauukulan, maraming bilang ang iniulat na nasawi at nawawala sa mga nasabing trahedya na nagdulot din ng pagkakapinsala ng mga kabahayan, kabuhayan, imprastraktura at pagkakaantala ng telekomunikasyon at suplay ng malinis na tubig na siyang nagpalubha ng kalagayan ng mga residente doon.

Nakapaloob sa Sec. 1 D ng Republic Act No. 8185, na umaamyenda ng Local Government Code of 1991, na may kapangyarihan ang bawat local government unit (LGU) na tumulong sa ibang nangangailangang LGU.Pagkakataon na rin ito para sa lungsod na mapag-aralan ang ginagawang disaster management program ng ilang local government units.

"Mahalagang magpalitan din ng kaalaman o istratehiya ang mga kinauukulan sa lokal na pamahalaan para makita natin ang daan para sa mas maayos na pagrespunde sa kailangan ng mga tao," saad ni Mayor WIN.

Matatandaang bagong halal na Philippine Red Cross Governor ang alkalde na siya rin namumuno ng Local Disaster Risk Reduction and Management Council (LDRRMC) ng Valenzuela City.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga opisyales at mga residenteng binisita ng lungsod.

# May pag-asenso sa sariling galing at PESO

***"KAPAG MAY ITINANIM, MAY AANIHIN." Ito ang kasabihang Pinoy na tiyak na maaalala natin kapag nakarinig tayo ng mga taong umangat sa buhay dahil sa sipag, tiyaga at diskarte sa buhay. Isang halimbawa nito si Al Francis G. Francisco ng Brgy. Gen. T. De Leon na nagawang umangat sa buhay dahil sa ipinakitang galing at pagmamahal sa trabaho.***

Noong Agosto 2005, matiyaga siyang nakipila sa mga aplikanteng nagbabakasakaling makahanap ng trabaho sa pamamagitan ng Public Employment Services Office (PESO), ang ahensya ng Pamahalaang Lungsod na tumutulong sa mga taong nangangailangan ng trabaho.

Pinalad naman siyang matanggap bilang isang *warehouse clerk* sa isang malaking retail outlet sa lungsod. Batid niya ang hirap ng buhay, pinaghusayan ni Francisco ang trabaho na siyang naging daan upang mapansin ng pamunuuang pinagsisilbihan. Simula sa pagiging *contractual employee* nito ay na-promote agad siya bilang *regular employee*. Hindi nagtagal ay na-promote ulit siya bilang *warehouse officer-in-charge (OIC)* sa isa pang branch ng naturang establisyemento sa Quezon City.

Mula noon ay nagtuloy-tuloy na ang kanyang pagkahasa sa trabaho at naging bisor pa ng iba't-ibang sangay ng kumpanya hanggang sa na-promote ulit bilang *selling manager* na kung tutuusin ay may kalakip na mas malaking responsibilidad para sa kanya.

Makalipas ang dalawa pang taon, ipinagkatiwala sa kanya ang posisyong *branch manager*. Bagaman nagdesisyong mangibang bansa ni Francisco nitong huli, taglay pa rin niya ang mga katangiang nagdala sa kanyang tagumpay sa loob lamang ng anim na taong pagtatrabaho. Ang mga ganitong butil ng kwento mula sa mga Valenzuelano ang nagbibigay inspirasyon sa Pamahalaang Lokal upang higit pang pagbutihin ang pagbibigay serbisyo publiko.

Kung kaya naman, gaya ni Francisco, kinalulugod ding tinanggap ng PESO ang mga pagkilala na ibinigay sa kanila.

Hinirang ng Dept. of Labor and Employmenmt (DOLE)-NCR ang PESO ng Valenzuela City, na pinangungunahan ni Luningning Martin ng mga sumusunod na achievement: 3rd Top Regional Performer in Job Fair Placement for 2011 in NCR, Top Regional Performer in Highest Placement of SPES Beneficiaries for 2011 in NCR at Top Regional Performer in Highest Number of SPES Babies for 2011 in NCR.

Dahil sa mga ito, iginawad ni DOLE-NCR regional director Raymundo Agravante sa PESO Valenzuela City ang pagiging 3rd Top Performer in NCR para sa Regional Best PESO Awards ng ahensya na ginanap sa Angeles City, Pampanga, noong Nob. 2011.



## Liham sa Kinauukulan

*Inaanyayahan ng ating pahayagang **Valenzuela Ngayon** na ipahatid ang inyong mga obserbasyon, paglilinaw o mungkahi sa ating mga kinauukulan para sa ikabubuti ng ating lungsod.*

*Ipadala ang kanilang saloobin sa pamamagitan ng email: **publishing@valenzuela.gov.ph** o kaya i-post sa Valenzuela City Official Facebook Fanpage: **valenzuela.gov**. May karapatan ang publikasyon na i-edit ang mga liham ayon sa haba, linaw at gamit ng lengwahe.*

### Nawawalang butas

Wow, galing. Dumaan ako kanina sa Malinta hanggang Dalandanan… Napaisip ako bakit parang wala yata akong iniwasan na tatlong butas… Kaya pala naaksyunan ninyo na pala. Galing, ang bilis. Salamat! Two thumbs up. – *Paolo O. Durmiendo, via Facebook*

### Population control sa mga pet

I wrote to ask if we have localized veterinary services for free/discounted spaying and neutering for dogs and cats? We simply cannot afford to have our seven dogs undergo this procedure. Mayroon ho bang vet clinic ang lokal na pamahalaan na maaring puntahan ng dog owners na katulad namin? If the government can provide us with an animal clinic that offers reduced rates, perhaps over-population of dogs and cats, unwanted pregnancies, and proliferation of strays will be reduced. - *Ida Elopre, Gen T de Leon, via E-mail*

***Layon ng City Veterinary Services (CVSO) na maging responsible ang bawat pet owner sa lungsod. Prayoridad din nito ang pagsasagawa ng mass anti-rabbies vaccination para sa mga aso at pusa. Ang pagkontrol at paghuli sa mga ligaw na hayop sa mga kalsada at pampublikong lugar ay daan din upang makaiwas sa mga sakuna at insidente ng pangangagat.***

***Ukol naman sa animal population control program, wala pang ibinibigay na spay at neuter procedures ang CVSO ng Pamahalaang Lungsod. Ang mga pet owner ay inaabisuhang kumunsulta sa mga pribadong klinika o sa Philippine Society for the Prevention of Cruelty to Animals (PSPCA Animal Clinic) na nasa 2044 C.M. Recto Ave. (tapat ng UE Recto), Quaipo, Manila para sa murang singil ng mga nabanggit na procedure.** – Basil B. Sison, DVM, City Veterinarian*

### Maliwanag na daan

Isang malaking pasasalamat sa mga kinauukulan sa pagpapailaw muli ng Veinte Reales-Lawang Bato Bridge. Malaking bagay para sa kaligtasan ng mga dumaraan sa lugar lalong lalo na tuwing gabi. Makakadaan na ako ulit ng walang kaba sa tulay. Sana maglagay na rin ng Bantay Bayan sa lugar para lalong maging safe. - *Egbert Hechanova, via Facebook*

### Matapos ang 32 taon...

Galing talaga magpalakad ni mayor, almost 32 years na ako dito sa Valenzuela, now ko lang talaga nakita ang pagbabago ng Valenzuela sa pamumuno ni Mayor Win. -*Daisy Diaz*, via Facebook


valenzuel**ako**
www.valenzuela.gov.ph

City Government of Valenzuela — *Publisher*
Hon. Sherwin T. Gatchalian — *City Mayor*
Ahna F. Mejia — *Public Information Officer*
***
Mark Lester S.Cayabyab — *Editor-in-Chief*
Beng S. Bautista — *Contributing Writers*
Zyan F. Caiña
Liezel N. Fulgencio
Wynndee A. Penolio
Michael C. Urieta
Jonathan A. Licuan — *Contributing Photographer*
Allan C. Tampadong — *Chief Artist*
James S. Habitan — *Contributing Artist*
Jehan T. Ingalla — *Online Media Coordinators*
Sushine D. Manahan
Clairidy C. Pinto — *Circulation*

Inilalathala ang *Valenzuela Ngayon* ng Publications Unit ng Public Information Office at may tanggapan sa Public Information Office, Valenzuela City Hall, Mac Arthur Highway, Brgy. Karuhatan, Valenzuela City. May karapatang sipi ang City Government of Valenzuela.

publishing@valenzuela.gov.ph
Telephone: 352-1000 local 1102
Telefax: 292-9168

Download *Valenzuela Ngayon* in PDF at www.valenzuela.gov.ph/valenzuelangayon
valenzuela city
valenzuelacity
TEAM PIO




# Mas ibayong serbisyo ngayong 2012



**Boses Ninyo sa Kongreso**

**Rep. Rex Gatchalian**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**MALAKI ANG AKING PASASALAMAT** sa Panginoong Lumikha dahil nalagpasan natin bilang isang bansa nang maayos at matagumpay ang nakaraang taon ng 2011.

At ngayong taon ng 2012 ay asahan natin ang mga bagong hamon sa ating buhay.

Pero tiwala ako na sa tulong ng ating taimtim na pananalig sa Diyos ay mapagtatagumpayan nating lahat ang mga pagsubok na maaring dumating sa atin.

Sa aking panig naman bilang isa sa mga inihalal ninyo at pinagkatiwalaang mamuno dito sa ating lungsod, ay ipinangangako ko na mas lalo ko pang pagiibayuhin ang pagsisikap para sa kapakanan at ikabubuti nang ating mga mamamayan.

Kaugnay nito ay nais ko ring iulat sa inyo ang ilan sa mga tinatawag kong priority bills na aking isinusulong bilang bahagi nang aking tungkulin na Kinatawan ng mga mamamayan ng Lungsod ng Valenzuela sa Kongreso.

Bilang kontribusyon ko sa revenue at job generation programs ng Aquino administration ay isinulong ko ang "HB 1601 o ang tinatawag na "*An Act to Promote A Pocket Open-Skies Policy in the Philippines.*

Naniniwala kasi ako na sa pamamagitan nito ay magiging mas madali para sa ibat-ibang airlines ang lumapag at magbiyahe dito sa bansa na siya namang magdadala nang mga dayuhang negosyante at turista dito sa atin.

Kapag masigla ang turismo at bukas tayo sa mga dayuhang mamumuhanan ay siguradong marami ang malilikha nitong trabaho, na magbubunga naman ng mas maunlad na pamumuhay ng ating mga mamamayan na siya namang daan para sa mas tahimik na pamayanan.

Hindi ko rin pinababayaan ang aking advocacy para sa ating mga migrant workers at kanilang mga pamilya kaya ka isinulong ko din ang HB 02422 o mas kilala sa tawag na "*An Act to Create the Overseas Workers Welfare Administration Charter*."

Maliban diyan ay inilaban ko rin ang HB 01830 na tinatawag naman na "*An Act to Provide a Retirement Benefit for the Overseas Filipino Workers Otherwise Known as 'The Migrant Workers Retirement Act of 2010*.'"

Layunin ng parehong mga batas na ito ang pagbibigay ng todong suporta at pagkalinga sa ating may 9 milyong overseas Filipino workers na kasalukuyang nakikipagsapalaran sa ibat-ibang bansa para makatulong sa hindi lamang sa kanilang pamilya kundi pati na rin sa ekonomiya nang ating bayan.

Siyempre naman ay binigyang pansin ko rin ang ating lungsod kung kaya't nagpasa ako nang ibat-ibang panukala na pawang naglalayong mapaunlad ang ating mga mamamayan sa pamamagitan ng mas maayos na pamamahala at serbisyo.

Ang ilan sa aking mga isinulong na panukala ay HB 00688 o may pamagat na "*An Act Creating an Additional Regional Trial Court Branch and A Metropolitan Trial Court Branch in the City of Valenzuela, Amending for the Purpose Batas Pambansa Blg. 129, Otherwise Known as the 'Judiciary Reorganization Act of 1981' as Amended by Republic Act No. 7154 and No. 7154 and Appropriating Funds Therefor.*"

Nandiyan din ang HB01600 na tinatawag na *"An Act Separating the VNHS-Canumay East Annex in Barangay Canumay, City of Valenzuela, Metro Manila, from the Valenzuela National High School, Converting It Into an Independent National High School, To Be Called the Canumay East National High School and Appropriating Funds Therefor.*"

Maliban diyan ay may mga panukala din tayong paigtingin pa ang programa para sa edukasyon sa ibat-ibang mga lugar dito sa lungsod.

Aktibo ko ring isinulong ang ibat-ibang panukalang may kaugnayan para sa job creation sa ating lungsod at ilan pang programa para sa kapakanan ng ating mamamayan.

Sa gitna nang lahat ng ito ay ipinapangako ko na higit ko pang pagiibayuhin ang pagsisikap ngayong taon, para magampanan ko ang mga tungkulin na iniatang ninyo sa akin bilang inyong Kinatawan sa Kongreso.

# Valenzuela SK Federation aktibo sa pagbibigay ng serbisyo



**Ang Konseho**

**Kon. Cris Feliciano**
**Unang Distrito, Valenzuela City**

**SA LOOB NG ISANG TAON** nating pagsisilbi sa mga residente ng Valenzuela City ay nakapagbigay na tayo ng iba't-ibang serbisyo publiko na layuning mapaunlad ang kabuhayan ng mga naninirahan sa ating lungsod.

Alam po natin na isa ang Sangguniang Kabataan (SK) sa tagahubog ng mga kababayan nating kabataan kaya't naging aktibo po ang aming samahan sa pagbibigay ng mga makabuluhang serbisyo sa mga mamamayan.

Nang maupo po tayo bilang pangulo ng SK Federation sa ating lungsod ay agad kong inisponsoran ang leadership seminar na may temang "Todo-todong serbisyo para sa Kabataang Valenzuelano" na layuning maturuan ang mga bagong halal ng tamang pangangasiwa sa kanilang tungkulin.

Kabilang naman po sa mga serbisyong ipinagkaloob natin sa loob lamang ng isang taon ay ang pagkakaroon ng mobile passporting na ginanap sa SM Valenzuela Multi-Purpose Hall noong Abril at Nob. 2011 kung saan ay nakakuha ng passport ang 1,000 nating kababayan.

Nagkaroon din po tayo ng mga jobs fair na ginanap sa iba't-ibang dako ng lungsod upang makatulong na mas mailapit ang oportunidad na magkatrabaho ang mga kababayan natin. Umabot sa may 1,000 Valenzuelanos ang natulungan natin makahanap ng pagkakakitaan.

Hindi rin po natin kinalimutan ang pangangalaga sa mga kabataang nagugutom kung saan ay nagsagawa tayo ng feeding program sa loob ng

sundan sa Pahina 3

# May 3rd party ba si Labs?

## Usapang Ligal

Ni Atty. Edgardo De Guzman
City Legal Office

**KARAMIHAN SA MGA MAG-ASAWANG PILIPINO** ay may mga suliranin sa tinatawag nating "third party" o ang pagkakaroon ng ibang karelasyon ang lalaki o ang babae. Lahat tayo ay maaaring ipaglaban ang ating mga karapatan kung tayo ay naagrabyado ng ating asawa. Narito ang ilang mga kapaliwanagan ng inyong mga karapatan na naaayon sa batas.

Ang terminolohiyang pakikiapid (infidelity) o relasyon labas sa mag-asawa (extra marital affairs) ay laging ginagamit kapag napag-uusapan ang *"adultery"* at *"concubinage."*

Ayon sa Article 333 ng ating Revised Penal Code (RPC): ang krimeng *adultery* ay ang pakikipagtalik ng sino mang babaeng may asawa (married woman) sa lalaking hindi niya asawa. Kasama ring paparusahanan ang lalaking nakikipagtalik sa babaeng alam niyang may asawa na, kahit mapawalang bisa ang kasal ng babae kinalaunan.

Ang *concubinage* alinsunod na rin sa Article 334 ng RPC ay maisasagawa lamang kung:

1. Ang lalaki ay ibabahay ang kanyang kalunya sa tahanan nilang mag-asawa (conjugal dwelling);
2. pakikipagtalik sa babaeng bukod sa kanyang asawa sa iskandalosong paraan (scandalous circumstance);
3. pakikisama (cohabiting) sa kalunya sa ibang tirahan

Ang babaeng may asawa at ang kanyang kalunya kung mapapatunayang nagkasala ng Adultery ay mapaparusahan ng dalawang taon, apat na buwan at isang araw hanggang anim na taon na pagkakabilanggo. Ang lalaking mapapatunayang nagkasala ng concubinage ay may parusang anim na buwan at isang araw hanggang apat na taon at dalawang buwan na pagkakabilanggo.

Ang kalunya (concubine) ay may parusang Destierro o pagbabawal na lumapit o pumasok sa itinakdang lugar at distansya ng Hukuman.

Ayon sa Article 349 ng Revised Penal Code, ang bigamya ay ang pagpapakasal muli ng isang tao na ang unang kasal ay hindi pa napawawalang bisa ng Hukuman. Sa madaling-salita, ito ay ang pangalawa o higit pang pagpapakasal habang ang naunang kasal ay may bisa pa. Ang sinumang gagawa nito ay maparurusahan ng prison mayor o pagkabilanggo ng anim na taon at isang araw hanggang sa labindalawang taon.

Itinakda ng batas na ang Hukuman lamang ang may kapangyarihang magpawalang-bisa ng kasal. Mariing ipinaalaala na ang isang kasal ay nananatiling may bisa kapag walang deklarasyon ang Hukuman na ito ay pinawawalang-bisa.

Ang pagkakasala ng Adultery at Concubinage ay hindi maaaring usigin maliban lamang sa reklamo ng naargabyadong asawa. Ang naargabyadong asawa ay hindi maaaring magsampa ng reklamo ng hindi isinasama pareho ang nagkasalang asawa at ang kanyang kalunya.

*Si Atty. Edgardo De Guzman ay Officer in Charge sa Public Attorney's Office sa Lungsod ng Valenzuela.*

*Para sa inyong suliraning ligal, tumawag sa kanilang opisina: 294-0899/352-3000 loc. 248.*

# Team Pinas, 'di patitinag

## Ang Taumbayan

*Ang pitak na ito ay bukas para sa inyong kontribusyon. Ang opinyon na napapaloob dito ay mula lamang sa may-akda at hindi mula sa patnugutan.*

Ni Ibarra Samson III

**ANG SOUTH EAST ASIAN GAMES** o SEA Games ay isang panrehiyong pampalakasan na nagsisilbing daan para sa mga bansa sa Timog Silangang Asya na ipakita ang kani-kanilang husay sa iba't-ibang isports. Nagsimula ito noong 1959 sa Thailand at isinasagawa tuwing pagkatapos ng isang taon.

Ang Pilipinas ay isa sa labing-isang bansang kasama rito at kung titignan ang mga nakalipas na mga pagsasagawa ng SEA Games, maki-kinikinita na naging maayos ang partisipasyon ng Pilipinas sa nasabing patimpalak.

Ang ika-26 na SEA Games ay ginanap sa Indonesia noong Nobyembre. Ang bansang ito rin ang naging kampeon para sa edisyong iyon. Nagkamit ang Indonesia ng 182 na gintong medalya habang pang-anim naman ang Pilipinas na nagkamit ng 36 na gintong medalya.

Ayon kay Chairman Ritchie Garcia ng Philippine Sports Commission (PSC), inaasahan niyang mag-uuwi ng 70 na gintong medalya ang bansa, partikular na sa mga isports na boxing, taekwondo, billiards, basketball, softball, baseball, wushu, swimming at athletics. Kahit taliwas sa sinabi niyang 70 gintong medalya ang maiuuwi ng Pilipinas (na nakakuha lamang ng 36), naging eksakto naman ang kanyang pahayag na mangunguna ang bansa sa mga isports na kanyang nabanggit. Ang Philippine Sinag Team ay nag-uwi ng kanilang ika-labinlimang ganitong medalya sa men's and women's division ng softball. Nagtala naman ng record si MarestellaTorres na nakaabot ng 6.71 metro sa women's long jump.

Sa pangkalahatan, naging maganda ang partisipasyon ng Pilipinas sa nasabing patimpalak. Hindi man tayo isang malaki at mayamang bansa, nagtataglay naman ang mga Pilipino ng talento na hindi matutumbasan ng materyal na bagay. Hindi man gaanong kalakihan ang badyet ng gobyerno para sa isports, mayroon naman tayong mga kababayan na nagbibigay ng karangalan sa bansa habang ginagawa ang datiy libangan lamang.

Dahil sa ipinakikitang galing ng mga Pilipino sa larangan ng isports, mas makauungos pa siguro tayo sa mga katunggaling bansa, kung mas maaga pa lang ay mapaghahandaan na ng ating mga manlalaro ang susunod pang mga laban sa pamamagitan ng dagdag pang suporta sa kanila mula sa pamahalaan, maging ng pribadong sektor. Kung sa lokal pa lang ay magkakaroon na ng mga palarong natutulad sa SEA Games, ito ay maagang paghahanda, praktis at makikita kaagad kung sino ang nararapat at tunay na may taglay na sapat na galing upang magrepresenta sa ating bansa.

Sa kasalukuyan, pang-apat ang Pilipinas sa mga naging kampeon na naiuwi ang titulong "Over-All Champion" noong 2005 kung saan naging host ang bansa para sa patimpalak. Ang mga ganitong klaseng kompetisyon ang nagbubuklod sa pagpapakilala ng husay ng bansang Pilipinas, hindi lamang sa isports kundi pati na rin sa iba't-ibang larangan.

*Si Ibarra Samson III ay nasa ikaapat na taon sa kursong Computer Engineering sa Polytechnic University of the Philippines at naging Rexponsableng Scholar noong 2008-2010.*

# Taon ng makabuluhang accomplishments

## Tinig Mamamayan

**WALANG KASING SAYA ANG NARARAMDAMAN** natin kapag mayroon tayong nagagawang maganda, maging ito man ay para sa sarili, sa pamilya o sa ating kapwa. Nakatutuwang makita na naisasakatuparan ang mga imaheng hinulma ng ating mga pangarap at mga simpleng kagustuhan sa buhay sa tulong na rin ng pananalig sa Maylikha. Narito ang mga munting kwento na ibinahagi ng ilang Valenzuelano tungkol sa kanilang mga **accomplishment** na sumasalamin sa ating kakayanang itaguyod ang kapalaran sa hamon ng buhay.

Nag-lost ako ng 9 kg. sa timbang ko matapos ang diet and exercise. Nag-start ako ng cardio workout noong June up to present. Then jogging sa Puregold for one month, now sa Memorial Veinte Reales naman every weekend. – ***Zeta Leonis***

Nakuha ko ang wife ko, mag-kasama kami ngayon dito sa work sa Jeddah, KSA para sa aming pangarap na house and lot. – ***Romeo Lusaura, tubong Gen. T de Leon, 50***

Dalawa ang personal accomplishment ko sa taong 2011. Una ay yung *da best*: this year ay natapos ko na ung bahay na pinagawa ko at nakalipat na rin sa bahay na yun para makapag-celebrate ng Pasko duon for the first time. Ikalawa ay nakapag-enroll na rin sa wakas sa masteral's degree ko matapos ang panalangin at napakatagal na plano. To God be the glory! – ***Robert Allan Villamos Mercado***

Nasa top 10 pa. – ***Patricia Claire Antonio, 12, Dalandanan***

I learned from my experience by passing customer service trainings, my communication skills have improved but most importantly I graduated last October in PREX (Parish Renewal Experience). Mas lalo akong napalapit kay God because of this so those are my greatest accomplishments this year. – ***Louie Francisco***

Nasulit ko ang tuition fee ko dahil pasado ako sa lahat ng aking subjects kahit napakahirap! – ***Audray Sulit***

Ang aking personal accomplishment ay ang pagpapanatili kong maalab ang pagsasama ng aking pamilya. Ako po ay kasal sa asawa at may kambal na anak. Ako po kasi ay bunga ng isang *broken family* subalit hindi ko ito hinayaang gayun din ang kahinatnan ng aking pamilya. Sa sipag, tiyaga, pananalig at pagiging tapat sa aking kabiyak ay napanatili ko ang tiwala ng aking pamilya. Sa ngayon, kaming mag-asawa ay nabiyayaan muli ng isang anak. *Seven months* pregnant ulit si misis at patuloy kaming sinusukat sa katatagan ng buhay. Nawa ay maayos sana ang kanyang panganganak at sisikapin kong makaipon ng panggastos para sa kanya. Batid kong hindi po dito nagtatapos ang hamon ng buhay kung kaya't sinisikap kong maitaguyod ang aking pamilya sa bawat araw na bigay ng Diyos. Nawa'y maging inspirasyon po sa inyo ang aking komento. – ***Herald Buenaobra-opi Canary, 31, Lingunan***

Accomplishment ko ay napanatili ko ang sarili kong maging laging masaya, ano man ang problemang dumating, maliit man o malaki, di ako nagpaapekto, 'di ako sumuko, bagkus sinulusyunan ko itong lahat ng wala akong ibang taong naperwisyo. Simpleng *accomplishment* pero malaking biyaya ito para sa akin. – ***Pinky Cacnio***

Passing the Nursing Licensure Examination; take one lang ah? 'Yan ang biggest accomplishment ko this year. – ***Jay-ar Sevilla Pingol, 31, Malinta***

Napagtapos ko na ang aking eldest daughter from college with a distinction award. She's now a registered nurse. – ***Ledilyn Duran, 43, Coloong***

# Healthy ka pa ba?

Ni Dr. Jaime M. Exconde Jr.

**NGAYONG KATATAPOS LAMANG** ng Kapaskuhan at salubong sa Bagong Taon, tiyak na tayo ay naharap sa kasiyahan na kung saan hindi natin naiwasan ang mga gawaing maaaring makasama sa ating kalusugan at maging dahilan upang magkaroon ng mga sakit na katulad ng altapresyon at diabetes na maaaring mauwi sa stroke.

Ang ***altapresyon*** o ***high blood pressure*** ay tinatawag na "silent killer" at karaniwang makikita sa may sakit sa puso at karaniwang dahilan ng *stroke*. Ang *stroke* o *Cerebro Vascular Accident* ay nangyayari kung ang pagdaloy ng dugo sa mga ugat ng utak ay napipigilan. Ang brain cells na nawawalan ng oxygen ay nasisira o maaaring mamatay sa loob ng ilang minuto. Ang mga parte ng katawan na kontrolado ng nasirang brain tissue ay hindi gumagana ng maayos.

**Mga Karaniwang Apektado ng Altapresyon**

Ang mga karaniwang apektado ng altapresyon ay ang mga naninigarilyo, over weight, may mga edad na 40 pataas sa mga kalalakihan at mga kababihan na nasa "menouposal age," may lahi ng sakit sa puso, diabetes at sakit sa bato, mga taong labis ang pag-inom ng alak, at mga taong sobra ang pagka-stress sa trabaho.

**Mga Paraan Upang Mabawasan Ang Panganib ng Stroke**

* Lunasan ang altapresyon.
* Itigil ang paninigarilyo.
* Bawasan ang sobrang alkohol.
*Iwasan ang mataas na kolesterol at matatabang pagkain.
*Kontrolin ang dayabetes.
*Kontrolin ang bigat o timbang.
*Regular na mag-ehersisyo.
*Iwasan ang ibayong pagod.

Ang ***Diabetes*** naman ay sakit na kung saan tumataas ang asukal sa dugo dahil sa kawalan o mababang produksyon o kawalang-bisa ng *hormone* o *insulin*. Ang mga palatandaan nito ay ang pagkahapo o panghihina, labis na pagkauhaw, madalas na pag-ihi lalung-lalo na kung nagigising sa gabi, matinding pagkagutom, nanlalabong paningin, pangangati ng katawan, nakakikiliting pakiramdam o pamamanhid sa kamay at paa, at sugat na hindi gumagaling.

**Mahusay na Pangangasiwa ng Dayabetes**

* Pagkain na nagpapataas sa antas ng asukal sa dugo;
* Gawain o ehersisyo; at
* Gamot na kapwa nagpapababa sa antas ng asukal sa dugo.

**Ang Pagkain ng Dayabetiko na Dapat Iwasan**

* Labis sa inirekomendang dami ng kanin, taba o mantika, karne, manok, isda at iba pang pagkaing dagat
* Labis sa inirekomendang dami ng itlog, keso, madahong berde at dilaw na gulay
* Mga tinapay na may dagdag asukal, masaganang keyk na may "frosted icings," "pies," "rolls," donut, cookies at lahat ng iba pang kauring saganang produkto.
* Lahat ng mga niluto at inihanda na may asukal o dinelata sa arnibal
*Mga katas ng prutas na may asukal o "concentrated"

Bagama't mahirap ang umiwas sa mga nabanggit lalo na kung ito ay nakasanayan na, atin alalahanin na sa ganitong paraan lamang natin makakasama ng mas matagal ang ating mga mahal sa buhay.

*Si Dr. Jaime M. Exconde Jr. ay Officer in Charge Valenzuela City Health Department.*

# Kababaihang Valenzuelano, Ganda, Husay at Talino






**1st runner-up Dale Ivory Lee**

Kasalukuyang nagsasanay ang 18 taong gulang na tourism student ng Lyceum of the Philippines bilang isang flight attendant sa Cebu Pacific Airlines. Nahahasa ang kanyang gilas sa pakikipagtalastasan bilang kasapi ng Debater's League of the Philippines. Nagba-badminton naman ang pride ng Brgy. Karuhatan sa kanyang bakanteng oras.



**2nd runner-up Julianna Mae Javellana**

Pangarap maging isang respetadong ambassador ng Pilipinas sa iba't –ibang bansa ang mutya ng Brgy. Dalandanan, kung kaya, nag-aaral siya sa De La Salle College of St. Benilde ng kursong Consular in Diplomatic Affairs. Pagsasayaw ang libangan ng 17 taong gulang na dalaga, partikular ang cheer at belly dancing.



## Bb. Valenzuela 2011 Meiji Cruz

Mahilig magbasa ng mga nobela ni Nicholas Sparks ang 17 taong gulang na broadcasting major ng Lyceum of the Philippines. Fan din ang tubong Brgy. Canumay ng mga pelikula ni Bb.Joyce Bernal. Nais niyang ituloy ang pagsali sa mga beauty pageant hanggang sa makarating sa pangarap niyang mga national at maging sa international contests. Sa Q&A, ito ang confident niyang sagot sa tanong na ***What is the greatest problem the society is facing today and what you can do, as Binibining Valenzuela, to solve it?*** "Population has a domino effect. When it's high, it results to other problems, such as, poverty, unemployment and pollution. And if I would be fortunate enough to be crowned as Binibining Valenzuela 2011, I will join organizations that promote family planning and will start it on myself and my family," sagot niya. Siya ngayon ay Candidate #22 ng Binibining Pilipinas 2012.



**3rd runner-up Sheila Marie Reyes**

Abala ang mutya ng Marulas sa kanyang kursong Communication Studies sa Pamantasan ng Lungsod ng Valenzuela (PLV). Subalit nagagawa pa rin ng 17 taong gulang ang maging bahagi ng ilang proyektong pangteatro. Hilig din niya ang modern ballet at ang magbasa ng mga inspirational na libro.



Bb. Valenzuela 2012 winners (L-R): Abbyjun, Julianna Mae, Bb. Pilipinas 2012 Official Candidate #22 Meiji Cruz, Dale Ivory at Sheila Marie.





**4th runner-up Abbyjun Dizor**

Gaya ni Sheila Marie, nag-aaral din ang 18 taong gulang na binibini ng Brgy. Malinta ng Communication Studies sa PLV. Nanalo na siya sa ilang beauty pageant sa lungsod at maging sa ibang kompetisyon sa ilang paaralan. Si Abby ay abala sa modelling at naglalaro ng badminton upang panatilihin ang kanyang magandang pigura.

Kinilala rin sa nasabing gabi sina Jaysel Arrozal (kanan), dating SK Chairman ng Brgy. Dalandanan, na nag-uwi ng titulong Miss Phillipines World 4th Runner Up 2011 at si Aleczandra Yamzon (kaliwa) ng PLV at ng Valenzuela City Center for the Performing Arts (VCCPA) na nagbigay karangalan sa lungsod bilang Ms. Pre Teens Philippines 2011 at Teen Songbird of Southeast Asia 2011.

# Agbiag, Narvacan! Agyu tamu, Angeles City!



Tampok sa makulay na street parade ng Bagnet Festival ang mga produktong lokal sa bayan ng Narvacan, Ilocos Sur. Kilala ito bilang bayang pinagmulan ng masarap na bagnet o kapirasang taba at laman ng baboy na malutong sa pagkakaprito.

***NAKAHANAP NG KATUWANG SA kaalaman sa pamamahala, kalakalan at kultura ang Lungsod ng Valenzuela sa Munisipalidad ng Narvacan sa Ilocos Sur at Lungsod ng Angeles sa Pampanga matapos makipagkasundo ang mga opisyales nito para sa isang sisterhood agreement.***

Naunang nakipagbigkis ang Narvacan sa lungsod noong Dis. 13, 2011 sa isang simpleng seremonya sa kanilang bayan kasabay ng pagdiriwang ng taunang Bagnet Festival. Kapwa sina Valenzuela City Mayor Sherwin T. Gatchalian at Narvacan Mayor Zuriel Zaragoza ang pumirma ng kasunduan sa harap ng mga Narvacaneo, maging si dating Sen. Juan Miguel Zubiri.

Sumunod dito ang mga Cabalen ng Angeles City kung saan isinagawa ang pagtitibay ng Sisterhood Memorandum of Agreement sa plenaryo ng Angeles City Council nitong Enero 25. Sinaksihan ang pagpirma nina Mayor WIN, Angeles City Mayor Edgardo Pamintuan nina Angeles City Vice Mayor Vicky Vega Cabigting, mga konsehal at opisyales ng dalawang lungsod.


Layon ng sisterhood agreement sa pagitan ng mga local government units ang magkaroon ng daan tungo sa makabuluhang pagpapalitan ng mga natatanging kasanayan. "Mahalaga na matuto tayo sa ating mga kasama, ganun din na maibahagi natin ang ating nalalaman kung paano natin naabot ang ating kinalalagyan ngayon," saad ni Mayor WIN. "Ang taumbayan din ang makiinabang sa huli," pagtatapos niya.



Sina (L-R) Angeles City Mayor Ed Pamintuan, Mayor WIN Gatchalian, at Angeles City Vice Mayor Vicky Vega Cabigting sa pagpapalitan ng simbulo ng kani-kanilang lungsod.



Nagkamayan sina Mayor WIN Gatchalian at Narvacan Mayor Zuriel Zaragoza matapos lagdaan ang sisterhood agreement ng dalawang lider.




Tinungo ng mga opisyal ng Valenzuela City ang Angeles City Hall sa Pampanga para sa pormal na pagsisimula ng isang makabuluhang sisterhood agreement ng dalawang progresibong lungsod.